KAKAMPINK

Isa pang Gabay!

Balangkas ng Pakikipag-usap

May suggestion kaming outline kung kakausapin ka ng kaibigan/kakilala/stranger! Kinabitan din natin ng mga sample na linya.

1

Mangumusta.

Tao ang kausap mo. May sariling kuwento. May kinatatakutan. May mga paborito. May minamahal.

"Kumusta po ang benta ninyo?"

[Nikko, estudyante, sa binibilhan niyang magtataho]

"Nakita ko ang post mo. Nakakarelate ako dun."

[Message ni Ana, plantita, sa isang kapitbahay na fb friend]

"Ilang taon na ang anak mo?"

[Bungad ni Melanie, nanay, sa nakasalubong na kapitbahay]

"Nabalitaan ko. Nakikiramay ako."

[Text ni Greg, call center agent, sa isang katrabaho]

2

Makinig.

Nakikipagkilala ka. O nagbubuong muli ng ugnayan. Hindi kailangang mauwi agad sa politika ang usapan.

Sa bawat hakbang na nakalista dito, huwag kalilimutang pakinggan rin at unawain ang pinanggagalingan ng kausap.

3

Hanapin ang pagkakatulad

Madalas naman, pare-pareho tayo ng gustong marating. Magkakaiba lang tayo ng nakikitang landas papunta roon.

"Grabe talaga itong pandemic no?"

[sa kaibigan o kapwa magulang]

"Anong ginagawa mo pag nararamdaman mo rin yung ganito?"

[sa kaibigang nakakuwentuhan matapos ang matagal na hindi pagkikita]

"Di ba, hindi naman natin problema ang ganito dati?" [sa kaklase]

"Sana hindi na ito problemahin ng mga anak natin."

[sa chat group ng college barkada]

4

Ikuwento kung bakit mo napili ang landas na tinatahak mo.

Gagawin nitong mas malinaw (para sa iyo at sa kausap mo) ang implikasyon ng mga ginagawa nating pagkilos at pagpili.

"Ganito ang nangyari sa negosyo/trabaho ko dahil paiba-iba ang patakaran ng gobyerno sa lockdown."

[pag napunta sa work-related na mga bagay ang usapan]

"Nahihirapan akong gawin ang plano ko kasi andaming hindi sigurado ngayon."

[kung nagkukuwentuhan tungkol sa #goals o kaya sa plano pagkatapos ng graduation]

"Nami-miss ko na ang mga inuman pagkatapos ng isang mahabang linggo ng pagtatrabaho."

[kapag may sharing ng stress sa trabaho]

"Nakakainis yung adjust tayo nang adjust tapos parang walang pakialam o plano man lang."

[kung mabanggit ang paiba-ibang patakaran sa lockdown at paggamit ng face shield]

5

Ipaliwanag kung bakit mo napili si Leni Robredo.

Personal na kuwento. Hindi paglilista lang ng mga numero. Hindi enumeration lang ng pangalan ng mga proyekto. Ipakita kung paano matutugunan ng pamumuno ni Leni ang magkatulad na mga hangarin ninyo.

"Nagalingan ako sa mga proyekto ni Leni ngayong pandemya. Feeling ko pag siya ang naging presidente, anlaki ng mababawas sa kaba natin na baka magkasakit tayo, o yung kamag-anak natin." + [personal na kuwento tungkol sa pandemic, o sa naging karanasan mo sa proyekto ni Leni]

"Kung di lang napunta sa kung anu-ano ang pondo ng gobyerno, marami sigurong pagkamatay ang naiwasan. Kaya suporta ako kay Leni kasi alam ko na di siya nagnakaw ng pondo para sa pandemya." + [kuwento tungkol sa mga anomalya, habang lahat hirap na hirap sa pagdiskarte para lang kumita ng ipapakain sa pamilya]

Paalala lang:

Hindi ito script, kundi gabay. Malaya kang palitan at katikutin basta nakaayon pa rin sa ating pilosopiya: Tao-sa-taong pakikipag-usap; bukas, nakikinig, nakikisimpatiya, nagmamahal.

Sabi nga ni Leni,

"Madali ang makipagtalo;
mas radikal ang magmahal."